

# KALIGTASAN SA SUNOG




**Ang maayos at gumaganang alarma ng apoy ay nakakatulong sa kaligtasan ng buhay:**

Kinakailangang magkaroon ng kahit isang alarma ng apoy sa bawat antas ng tahanan at ilagay ito sa pagitan ng mga silid at mga lugar ng pamumuhay. Paniguruhing sinusuri ang alarma minsan sa isang buwan.

**Lumabas ng tahanan. Manatili sa labas. Tumawag ng 000.**

Kung mangyaring may sunog sa loob ng bahay, paniguruhing mayroon kayong plano kung papaanong makalabas ng hindi masasaktan. Huwag na huwag babalik sa loob ng nasusunog na gusali.



**Siguraduhing ang inyong pampainit na gamit ay may isang metro ang layo sa kahit anumang bagay.**

Huwag isampay at patuyuin ang mga damit sa pampainit na gamit. At panatilihing malayo rin ng isang metro ang mga gamit pantulog at mga kumot.

**Ang kalang pangluto na gumagamit ng LPG ay panlabas lamang.**

Huwag gamitin ang kalang ito sa loob ng tahanan o sa mga lugar na confined. Ito ay delikado sa kalusugan at maaring maging sanhi ng pagkasunog.



Kung mayroon pa kayong katanungan o kung kinakailangan ninyo ng LIBRENG konsulta para sa inyong kaligtasan sa sunog, maaari ninyong i-scan ang QR code at punan ang booking form.

